



دار زايد للثقافة الإسلامية  
Zayed House For Islamic Culture

## Abu Dhabi: Nakaraan at Kasalukuyan



zhic.uae @zhic\_uae zhic\_uae zhic

800 555



اتصل على  
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E  
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Sa pagdaan ng panahon, ang sangkatauhan ay humingi ng inspirasyon mula sa nakaraan upang malaman papaano itayo ang kinabukasan. Tulad ng mga makasaysayang alituntunin na naranasan ng mga indibidwal bilang batayan, na kung saan ang mga tao sa komunidad ay nagsikilos para sa pag-unlad.

Kaya naman, ang emirate ng Abu Dhabi ay nagagalak sa sinaunang kasaysayan na puno ng karanasan ng tao na nag-ambag sa mulin nitong pagsilang. Sapagkat noong 1960, ang Abu Dhabi ay isa lamang peninsula sa baybayin ng Arab Gulf, na may populasyon na hindi hihigit sa 15,000. Karamihan sa kanila ay nagmula sa mga lugar ng mga tribo ng disyerto, na dating nakatira sa mga tolda ng buhok at namumuhay sa pamamagitan ng mga tupa, mga kamelyo o pagsasaka ng palma. Habang ang mga naninirahan sa baybayin, karaniwan ay nagpupunta para sa pangingsida at pagninisid ng perlas. Isa sa mga tribo na ito ay ang Al Nahyan, sa ilalim ng pamumuno ng pumanaw na si Sheikh Zayed Bin Sultan Al Nahyan na namuno simula pa noong 1966. Siya ay nagdala ng maraming reporma na nakasaksi sa maraming uri ng pamumuhay, lalo na pagkatapos ng produksyon ng langis. Nang magsimula ang isang bagong yugto sa kabayanihan ni Zayed na nagbukas ng manipis na disyerto para maging berdeng bukid at plantasyon. Malinaw na sinabi niya, 'Itinuro sa atin ng Disyerto na maghintay nang mahaba, bago dumating ang isang magandang balita'.

Alam ng pumanaw na si Sheikh Zayed ang pangangailangan ng mamamayan para sila'y magkaisa sa halip ng pagkakaroon nila ng tribalismo, bilang isang estado na may kalayaan, karapatan, at may napapanatiling katatagan. Isang estado na kabilang sa rehiyon at internasyonal na grupo at makapagbibigay ng disenteng pamumuhay para sa mga mamamayan nito at makapagtutugon sa kanilang mga hangarin. Sa gayon, ang tauspusong pagtityaga ng pumanaw na pinuno na si Zayed ay nagbunga ng unyon ng pitong emirate na inihayag noong 1971, na kung saan, Abu Dhabi ang tumatayong kabisera nito.

Dahil dito, nakita ni Sheikh Zayed na ang edukasyon ay magiging daan sa pag-unlad at pag-sulong sa hinaharap. Kaya naman, sinimulan niya ang paglilinang ng tao upang dalhin ang Abu Dhabi sa isang masiglang mapagkumpitensyang bansa kasama ang maraming mauunlad na bansa sa mundo.

Masiglang mga aktibidad sa panlipunan, komersyal, konstruksiyon at pang-industriya tulad ng ibang mayamang lungsod sa mundo na umaakit sa maraming tao upang mamuhay dito para sa mas mahusay na buhay at seguridad na hindi mapapantayan ng alinmang bansa sa Gitnang Silangan.

Sa katunayan, ang bukas na polisiya na itinatag ng matalino na pamumuno sa Abu Dhabi, habang pinapanatili ang orihinal na pagkakakilanlan nito, ay lumikha ng malakas at balanseng relasyon sa iba't ibang lugar sa mundo. Kaya ito ay nabibilang sa pandaigigang lugar na pinagmumulan na kahusayan.